# Aral mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 48
# Ang sulat ni Jesus sa Simbahan ng Pergamos Yugto 2

“12 At sa anghel ng iglesia sa Pergamo ay isulat mo: Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may matalas na tabak na may dalawang talim :13 Nalalaman ko kung saan ka tumatahan, sa makatuwid baga'y sa kinaroroonan ng luklukan ni Satanas; at iniingatan mong matibay ang aking pangalan, at hindi mo ikinaila ang aking pananampalataya, kahit nang mga araw man ni Antipas na aking saksi, aking taong tapat, na pinatay sa gitna ninyo, na tinatahanan ni Satanas.14 Datapuwa't mayroon akong ilang bagay na laban sa iyo, sapagka't mayroon ka diyang ilan na nanghahawak sa aral ni Balaam, na siyang nagturo kay Balac na maglagay ng katisuran sa harapan ng mga anak ni Israel, upang magsikain ng mga bagay na inihahain sa mga diosdiosan, at makiapid.15 Gayon din naman na mayroon kang ilan na nanghahawak sa aral ng mga Nicolaita.16 Magsisi ka nga; o kung hindi ay madaling paririyan ako sa iyo, at babakahin ko sila ng tabak ng aking bibig.17 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang natatago, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap.” (Pahayag 2:12-17)

May mga manggagawa at pastor na nageebanghelyp ngunit sila’y may kaugnayan at mga usapin. Bakit ang kasalanang ito ng immoralidad ay mahalagyang harapin? Sapagka't ang lahat ng mga kasalanan ay nasa labas ng katawan ngunit ang kasalanan ng sexual na immoralidad ay nasa loob ng katawan, "15 Hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong mga katawan ay mga sangkap ni Cristo? kukunin ko nga baga ang mga sangkap ni Cristo, at gagawin kong mga sangkap ng isang patutot? Huwag nawang mangyari.16 O hindi baga ninyo nalalaman na ang nakikisama sa patutot, ay kaisang katawan niya? sapagka't sinasabi niya, Ang dalawa ay magiging isang laman.17 Nguni't ang nakikisama sa Panginoon, ay kaisang espiritu niya.18 Magsitakas kayo sa pakikiapid. Lahat ng kasalanang gawin ng mga tao ay nangasa labas ng katawan; nguni't ang gumagawa ng pakikiapid ay nagkakasala laban sa kaniyang sariling katawan.19 O hindi baga ninyo nalalaman na ang inyong katawan ay templo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Dios? at hindi kayo sa inyong sarili;20 Sapagka't kayo'y binili sa halaga: luwalhatiin nga ninyo ng inyong katawan ang Dios." (1 Corinto 6:16-20) Dito ng Banal na Kasulatan ay ipinapaliwanag sa atin ang totoong panganib ng kasalanan ng immoralidad. Ang kasalanan ng immoralidad ay pagkakataon sa pagkuha ng katawan ni Cristo at gawin makipagkaisa sa mga patutot at iyon ang magbibigay ng paraan para sa diablo upang ipakilala ang demonyo sa katawan ni Cristo, sa Simbahan ng Diyos.

Nang sa gayo'y ang simbahan sa Pergamos ay napaka husay sa pageebanghelyo, ngunit sa mga nagpapahintulot ng immoralidad upang ipalaganap sa kanila, at hindi maingat upang alisin sa kanila mula sa kanilang kalagitnaan. Kaya ang simbahang iyon ay makamundo at tayo din ay nababad sa kasalanan at mga immoralidad. Kaya naman sa pasimula binanggit ng Panginoon sa kanila si Antipas, na magibg mabuting halimbawa sa kanila na dapat maging labag sa lahat ng mga diosdiosan at labag sa lahat ng gawa ni Satanas. "Nalalaman ko kung saan ka tumatahan, sa makatuwid baga'y sa kinaroroonan ng luklukan ni Satanas; at iniingatan mong matibay ang aking pangalan, at hindi mo ikinaila ang aking pananampalataya, kahit nang mga araw man ni Antipas na aking saksi, aking taong tapat, na pinatay sa gitna ninyo, na tinatahanan ni Satanas." (Pahayag 2:13) Kaya dito mauunawaan natin, kapag tayo'y nageebanghelyo at naninindigan sa ating pananampalataya at hindi itanggi ang pangalan ni Jesus, iyon ay hindi magbibigay sa atin ng karapatan upang hayaan ang kasalanan at mga immoralidad ay mapasa kalagitnaan natin.

"15 Gayon din naman na mayroon kang ilan na nanghahawak sa aral ng mga Nicolaita." (Pahayag 2:15) Ang simbahan sa Pergamos ay mayroong mga tao na pinanghahawakan ang katuruan ng mga Nicoilita, na tinalakay natin sa naunang simbahan ng Epeso, na karaniwang nagpapahintulot ng pakikiapid, pangangalunya, at pagkaing inihandog sa mga dios diosan.

Dito ang Panginoon sa Kanyang mensahe sa namumuno ng simbahan, sinasabi niya sa kanya na mayroong kang mga tao na kasama mo na gumagawa ng ganoon. Kaya hindi siya gumagawa ngunit may mga taong kasama niya na nagsasagawa ng ganoon at gusto ng Diyos sa kanya na disiplinahin sila at linisin ang simbahan mula sa ganyang kasalanan. Sapagka't ang mga pamliya at sa mga bago na kanilang inaabot ay maaring mahawaan at magkaroon ng parehong mga kasalanan. Gusto ng Diyos sa iyo na magkaroon ka ng malinaw na paninindigan at mga pagkilos na ikaw at ang iyong pamilya at ang simbahan at ang kapisanan sa ilalim ng iyong pangangalaga ay dapat lumayo mula sa pakikiapid, pangangalunya at mula sa inihandog sa mga diosdiosan at demonyo.

Ang mga pagdiriwang at salu-salo ay hindi nagbibjgay kaluwalhatian sa Diyos ngunit nagbibigay kaluwalhatian sa tao. Ilan sa kanila na nagsasabi na ginagawa namin ang mga salu-salo dahil gusto naming anyayahan ang mga tao para kay Cristo. Ang kaligtasan ay hindi nakasalalay sa mga salu-salo at pagkain. Ang kaligtasan at ang pageebanghelyo ay nakasalalay sa gawa ng Banal na Espiritu. Ilan sa kanila na nagsasabi na ngayon ay may mas maraming kasalanan at mas maraming mga tao ang nagiging masama, oo at iyon ay totoo, ngunit ang Diyos pa rin ay kumikilos kasama ng Banal na Espiritu. Kung ang Banal na Espiritu ay hindi sumasaatin, sa gayon ang mga salu-salo, ang mga handaan, at ang paggastos ang ahat ay labag sa gawain ng Banal na Espiritu. Kung nais mong tulungan ang mahihirap na tao, iyon ay tama at maari mong gawin ito sa pagbibigay ng pagkain sa nga nangangailangan. Pinayuhan ni Jesus tayo na iwasan ang pagaanyaya at mga piging maliban sa mga pilay at sa nangangailangan, "12 At sinabi rin naman niya sa naganyaya sa kaniya, Pagka naghahanda ka ng isang tanghalian o ng isang hapunan, ay huwag mong tawagin ang iyong mga kaibigan, ni ang iyong mga kapatid, ni ang iyong mga kamaganak, ni ang mayayamang kapitbahay; baka ikaw naman ang kanilang muling anyayahan, at gantihan ka.13 Datapuwa't kung maghahanda ka, ay anyayahan mo ang mga dukha, ang mga pingkaw, ang mga pilay, ang mga bulag,14 At magiging mapalad ka; sapagka't wala silang sukat ikaganti sa iyo: sapagka't gagantihin sa iyo sa pagkabuhay na maguli ng mga ganap." (Lucas 14:12-14) Ang mga lumpo at sa nangangailangan ay hindi pumunta, sinabi ni Jesus sa lalaki na naganyaya sa kanya na kung ikaw ay maghahanda ng piging huwag magimbita maliban sa lumpo, sa mga bulag at sa pingkaw, kung gusto mong pakainin ang mahihirap na tao, magagawa mo ang mga ito pagdaan ng mga taon at araw at hindi mo na kailangang maghintay ng Desyembre 25 para sa Pasko, o

Deseymbre 31 para sa Bagong Taon, o Pebrero 14 para sa araw ng Valentino, atbp. Upang makahanap ng isang MakaDiyos na asawang babae o MakaDiyos na asawang lalaki kailangan mo ng pangunguna kasama ng Banal na Espiritu ay hindi sa pakikipagtagpo sa araw ng Puso. Para abutin ang isang dukha ng Banal na Espiritu, hindi mo na kailangang maghintay para sa mga araw ng mga handaan ng pagano. Ang mga bagay na ito ay nagpapahina ng paglilingkod. Ang simbahan ng Pergamos ay babad sa mga kasalanan . Ang kanilang manggawa sila'y kumakain na inihandog kay Satanas at gumagawa ng mga immoralidad. Ibinigay ni Jesus ang Kanyang sulat kay Juan at ipinadala ito ni Juan sa kanila. Kahit ang mensaheng ito ay makakaabot sa mga simbahan at sa mga manggagawa at nais ng Diyos sa iyo at nais sa kanila na magsisi mula sa ganoong mga kasalanan. At maging malinis at dalisay at handa dahil ang Kanyang pagdating ay malapit na: Si Jesus ay darating anumang sandali at nais Niya maging handa ang Kanyang simbahan.

"16 Magsisi ka nga; o kung hindi ay madaling paririyan ako sa iyo, at babakahin ko sila ng tabak ng aking bibig." (Pahayag 2:16) Narito, ang pagpapayo ng Panginoon sa simbahang ito ay magsisi at tumalikod mula sa ganoong mga kasalanan. Tinagubilinan Niya sila na magsisi ng madali at tumalikod mula sa lahat ng ganoong kasamaan, pagbibigay-diin sa kanila, ang kanilang katayuan laban sa pag-uusig hindi dahilan sa kanila mula sa pagdating ng paghuhukom ng Diyos na ipapadala Niya sa simbahan dahil sa kanilang mga kasalanan. Narito pinapayuhan ni Jesus ang namumuno na magsisi sapagkat ipinahintulot niya sa mga tao sa Kanyang simbahan at binigyan sila ng kapaligiran para masangkot sa sexual na immoralidad at kumain ng pagkaing inihandog sa mga diosdiosan. Ang namumuno ng simbahan ay kailangang disiplinahin ang mga namumuhay sa kasalanan, at kung ayaw nilang magsisi kailangan nilang paalisin sila sa simbahan. Mas mabuti, na sila'y lumayo sa simbahan, hanggang sila'y magsisi at bumalik at maging handang mamuhay ng kanilang buhay ng may takot sa Panginoon. Ang paglilingkod ay hindi katanggap tanggap sa Panginoon dahil sa ganyang mga kapintasan at kasalanan.

Magsisi! Ang mensahe ay para sa mga ama, sa mga ina, sa mga namumuno ng simbahan, gusto ng Diyos na magsisi ka dahil hinayaan mo ang iyong mga anak, mga kasapi, mga mangagawa ng simbahan na kumain na inihandog sa diablo at sa paggawa ng sexual na immoralidad at kaw ay nanahimik tungkol doon. Ang ganyang paglilingkod ay hindi katanggap tanggap dahil sa maling mga bagay sa paglilingkod na kailangang ituwid. Ang Panginoong Jesus ay sinabi pa sa kanila, "16 Magsisi ka nga; o kung hindi ay madaling paririyan ako sa iyo, at babakahin ko sila ng tabak ng aking bibig." (Pahayag 2:16) Narito nagbabala ang Panginoon sa kanila na kung sila'y hindi magsisisi. Siya ay paparito at babakahin sila ng may tabak ng Kanyang bibig, at ang kahulugan ng tabak dito ay ang Salita nb Diyos na mas matalas kaysa dalawang magkabilang talim na tabak, "12 Sapagka't ang salita ng Dios ay buhay, at mabisa, at matalas kay sa alin mang tabak na may dalawang talim, at bumabaon hanggang sa paghihiwalay ng kaluluwa at espiritu, ng mga kasukasuan at ng utak, at madaling kumilala ng mga pagiisip at mga haka ng puso. 13 At walang anomang nilalang na hindi nahahayag sa kaniyang paningin: nguni't ang lahat ng mga bagay ay hubad at hayag sa harapan ng mga mata niyaong ating pagsusulitan." (Hebreo 4:12-13) Kaya't dito ipinangako ng Panginoon sa kanila na kung sila'y hindi magsisi, Siya ay paparito at lalabanan sila ng may nakakasugat na Salita ng Diyos na bumabaon at hahatulan ang kanilang mga saloobin at ang kanilang itinatago sa kanilang buhay. Ang Panginoon ay maaring dumating at magdulot ng mga salot at karamdaman. Ako'y naniniwala na ang COVID 19 ay at isang salot ng Diyos dahil sa kasalanan ng immoralidad at pagkaing inihandog sa mga demonyo, dahil sa mga handaan sa mga simbahan gaya ng unang nating nabanggit. Kahit ang kaarawan ni Cristo sa ika 25 ng Deseymbre, hindi inuutos sa atin ni Cristo na gawin ang ganyan. Ngunit ang simbahan ang kumuha sa mga araw ng pagano, na pinagmasdan at ginawang iKristiyano ito ng mga pagano upang mahalin at tanggapin ng mga Gentil ang simbahan. Ginamit ng simbahan ang taglamig na si Saturnalia (pagsamba sa diyos ng araw) at ginawa itong Pasko. Kapanganakan ni Cristo, at ginamit ang Tag-araw na si Saturnalia at ginawang kaaarawan ni Juan de Bautista. Ang mga bagay na ito ay wala sa Salita ng Diyos.

Kung iniibig mo ang mga tao sa gayon hindi sa pamamamgitan ng piging o mga salu-salo kundi sa patnubay ng Banal na Espiritu at tingnan ang gagawin ng Panginoon sa ministerio.

Narito ang mga tao sa simbahan ng Pergamos ay may pinanghahawakang isang bagay, hndi nila handang isuko at pakawala, kaya naman ang mga namumuno ay kinakailangang harapin ng matalas ang ganyang mga mangagawa, kung hindi mismong ang Panginoon ang darating at lalabanan ang mga at ang simbaham ng may tabak ng Espiritu. At ang Panginoon kapag Siya ay dumating para labanan ang ganyang mga tao para sa sa kanilang mga kasalanan. Siya'y magtatagumpay at gagawa pa ang Panginoon ng masasakit na bagay na magdudulot sa simbahan para magsisi.

"17 Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang natatago, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap." (Pahayag 2:17) Narito ang Banal na Espiritu ay inaanyayahan ang bawat isa sa kanila na makinig at magingat sa ipinapadala Niya sa kanila. At hinahamon Niya sila na magtagumpay upang kanilang tanggapin ang gantimpala ni Jesus.

Ano ang hamon para sa kanila upang pagtagumpayanan? Sila'y hinahamon para alisin sa kanilang kalagitnaan ang katuruan ni Balaam at mga Nicolaita. Sila'y inatasang linisin ang simbahan mila sa mga gumagawa at nagsusulong ng mga immoralidad. Nabasa natin sa Banal na Kasulatan iyon dahil sa katuruan ni Balaam pinatay ng Diyos mula sa Kanyang bayan 24000, "At yaong nangamatay sa salot ay dalawang pu't apat na libo." (Bilang 25:9) sa kung anong nangyari sa COVID 19 ay nakaapekto sa maraming mga simbahan at maraming mga manggagawa ang naapektuhan at mga simbahan ay isinara sapagka't si Cristo ay hindi napaluguraan sa mga paglilingkod at ng ministerio. Ang katulad na kasaysayan ay nabanggit sa Bagong Tipan, "Ni huwag din naman tayong makiapid, na gaya ng ilan sa kanila na nangakiapid, at ang nangabuwal sa isang araw ay dalawangpu at tatlong libo. " (1 Corinto 10:8) 24000 ay ang kabuuang bilang ng namatay, hanggang si Pineas ay nakialam at pinigilan ang mga immoralidad. Si Jesus mismo ay nagpapaaalala sa atiin ng parehong salaysay sa aklat ng Pahayag. Bakit ang mga simbahan ay nagsarado? Hindi dahil sa COVID 19 kundi si Cristo ay hindi nasiyahan sa ministerio. Kailangan nating linisin ang ating mga sarili at ang simbaham mula sa ganyang mga kasalanan at mula sa ganyang mga manggagawa na nagsusulong ng mga immoralidad. Ako'y narito sinasalita sa mga manggagawa at mga naglilingkod na kilala at

nalalaman ang Kanyang Salita. Kailangang linisin natin ang ating pamilya at ang ating mga anak mula sa mga immoralidad at lipulin ang mga diosdiosan at sa mga makamundong mga kapistahan. Ito ang paraan na kailangan nating mapagtagumpayan..

Si Moises ay hindi gumawa ng immoralidad kundi ang mga tao na nasa ilalim niya sila ang gumawa. Si Pineas ay nanindigan para sa Diyos at hinarap ang lalaki na nagdala ng babae sa kampo at parehong inilagay sa kamatayan at ang salot ay huminto.

"17Ang may pakinig, ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia." (Pahayag 2:17) Nais ng Diyos sayo na makinig ka sa tinig ng Banal na Espiritu at gawin ang kinakailangan at pagtagumpayan ang paglilinis ng ating sarili at ng ating mga manggagawa mula sa ganitong mga kasalanan. At ang susunod ay ang kanilang ipinangako at ang ating ipinangako kung sila o tayo'y magtatagumpay: Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang natatago, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap." (Pahayag 2:17)

1. Sila'y kakain mula sa nakatagong mana: "Bibigyan ko ng manang natatago", kung saan ang Salita ng Diyos na kailangan natin sa araw-araw sa ating buhay, upang palakasin tayo at upang palakasin ang loob natin sa panahon ng mga kaguluhan at itatag tayo ng may katibayan ng pag-asa, pananampalataya, at lakas ng loob. Sinabihan ng Diyos si Moises na kumuha ng mana at ilagay ito sa gintong sisidlan at ilagay ito sa Kaban ng Tipan bilang pagpapaalala sa mga tao ng kanilang kinain sa ilang. Ang mana sa Bagong Testamento ay ang Panginoong JesuCristo Mismo at ang Kanyang pang araw-araw na Salita para sa atin na kailangan natin bilang pagkain para sa ating mga kaluluwa at bilang direksyom para sa ating buhay. Kapag tayo'y nagtagumpay, ibibigay ni Jesus ang Kanyang Salita at magkakaroon tayo ng pakikipagpisan sa atin; Tutulongan Niya tayomagebanghelyo; poprotektahan tayo at tutulungan tayo sa ating buhay at kahit na tayo'y hinihigpitan ng nakatagong mana, ang Kanyang Salita na ipinadala ng Banal na Espiritu sa atin ay tutulong sa atin para magtiyaga sa ating buhay.

2. Makakatanggap sila ng ikaaaring-ganap at pagpapatunay: “at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti”, puting bato ay ang medalya na ibibigay sa nanalo. Gayundin gaya ng mga kriminal na inaaring-ganap ng mga Romano at sa korte ng Griyego sila'y bibigyan ng puting bato. Ang puting bato ay ang ating kawalan ng kasalanan. Ang ibig sabihin ng puting bato ay kadalisayan. Kapag ang tao ay nakakuha ng itim na bato ito'y nangangaluhugang ang tao ay paparusahan para isang pagkakasala na kanyang ginawa. Ang puting bato din, ay pagpapahintulot para makapasok sa tiyak na dako. Ang puting bato para sa nanagumpay bilang tanda ng tagumpay, isang medalya o pagpapatunay at ng kanilang gantimpala mula kay Jesus. GInagamit din ang puting batong iyon sila'y pinapahintulutang makapasok sa tiyak na dako. Ang ibig sabihin ng puting bato ay maari tayong makapasok sa buhay na walang hanggan. Nais ni Jesus na magtagumpay tayo upang tayo'y makapasok sa buhay na walang hanggan pagkatapos ng pagdadalisay sa ating buhay mula mga kasalanan.

3. Isang bagong pangalan:. "at sa bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap." Isang bagong pangalan para sa mga nagtagumpay, kagaya ng ganitong mga pangalan: Kristiyano, walang kasalanan, inaring-ganap, o isang palayaw na pangalang nagsasaad ng kanilang personal na ugnayan sa Panginoon. Para sa akin sa tingin ko nang sinabi Niya, "na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap." Ibig sabihin ito'y nangangahulugang siya o niya ay may katiyakan mula sa Panginoon, na sila'y mayroong buhay na walang hnaggan at sila'y mapapasa Panginoon magpakailanman. Ang Panginoon dito na kalag ibinigay Niya sa ating ang mga bagong pangalan, ito'y nangangahulugang ang Panginoon ay binigyan tayo ng kapayapaan, kasiyahan, kagalakan, at katiyakan na Siya ay nasisiyahan sa atin at sa ating ministerio at kapag Siya ay dumating kukunin Niya tayo kasama Niya.

Sa aking mahal at minamahal: Tayo ay lumapit ngayon sa Panginoon sa pananalangin at sa pagsisisi. Kung may kasalanan sa iyong buhay, sa gayon kailangan mong pagsisihan iyon at kailangan mo din na linisin ang iyong pamilya at ang mga kasapi ng iyong pamliya at ng simbahan mula sa mga kasalanan, lalo na sa mga immoralidad dahil iyon ay labag sa Panginoon para sa iyo. Nalalaman ng Diyos ang iyong gawa, ang iyong pananampalataya, nalalaman din na pinanghahawakan mo ang Kanyang pangalan, ngunit gusto Niyang magsisi ka at bumalik sa Kanya.

Kaya't, bilang ating narining ang mensahe ng Diyos, tayo'y magsisi sa lahat ng ating mga kasalanan at ipangakong muli ang ating buhay sa Diyos upang mabuhay sa plano ng Diyos na itinalaga Niya sa atin upang isabuhay. Tayo'y maging handang pumunta at magebanghelyo, at ating labanan ang kasalanan at lalo na ang immoralidad at disiplinahin natin ang ating mga anak at ang ating mga kabataan at idisipolo ang tungkol sa bagay na ito. Ating sundan ang halimbawa ni Antipas na labag sa lahat ng uri ng mga kasalanan at tayo'y magtiwala sa Diyos na Siyang tutulong sa atin sa ating pagtiis sa paglilingkod sa Kanya at Siyang poprotekta sa atin hanggang Siya ay dumating at kunin tayo kasama Niya sa Langit.

Ang aking Panalangin: Amang Diyos Ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay mula sa kamatayan noong ikatlong araw upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita na sumuway sa akin at nagturo sa akin ng iyong mga paraan at ang daan na nais mo na maglingkod sayo.

Ipagtapat ang iyong mga kasalanan sa Diyos. Panginoon patawarin ako sa sumusunod na mga kasalanan.

Magsisi at hingin sa Diyos ang kapatawaran para sa makamundong pagdiriwang ngaya ng Halloween, Valentine, Kapanganakan, Pasko, Bagong Taon, araw ng Ama, araw ng Ina, at sa lahat ng maaring masangkot ang iyong sarili.

Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili na tumalima sa iyong Salita ito na aking natanggap sa mensaheng ito. Panginoon aking isinusuko ang aking buhay at ang aking kalooban ng ganap sayo. Panginoon aking ipinapangako ang aking sarili na magebanghelyo abutin ang bagong mga tao para kay Cristo. Pangioon aking ipinapangako na linisin ang aking pamilya at ang ministerio na nasa ilalim ng

aking pangangalaga mula sa lahat ng uri ng kasalanan na itinuro sa atin. Panginoon bigyan mo ako ng kalakasan at kahinahunan na tiisin ang pwersa ng paguusig dahil sa iyong Salita. Panginoon puspusin mo ako ng Banal na Espritu at magkaroon ng kaganapan sa iyo. Panginoon ibigay sa akin ang mga kaloob ng Banal an Espiritu upang ako'y makapunta at maglingkod sayo at makapagebanghelyo at abutin ang iba at ipalaganap ang iyong Salita at turuan ang mga gustong sumunod sayo.

Panginoon, ako'y nanalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na tinanggap ang iyong Salita at handang isabuhay ang kanilang buhay at maglingkod sayo at magpakasakit para sayong Salita. Panginoon protektahan mo sila at ibigay ang lahat ng kanilang pangngailangan. Panginoon iligtas sila sa lahat ng mga tukso at ng gawa ng diablo. Panginoon gumawa ka ng mga himala para sa kanila at paging dapatin sila na makalampas sa paguusig at tiisin hanggang ikaw ay dumating at kunin kami kasama mo sa LAngit.

Panginoon pagpalain kami at tulungan kami bilang isang simbahan. Panginoon tulungan kami, protektahan kami, at ibigay ang para sa amin na magpatuloy sa paglilingkod sayo at gawin ang iyong gawain at ang iyong kalooban. Panginoon bigyan mo pa kami ng mga kaloob ng Banal na Espiritu para magebanghelyo at abutin ang bagong mga tao ng Mabuting Balita ni JesuCristo at ng mensahe ng Salita ng Diyos. Panginoon, kami'y nanalangin na paging dapatin kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan at tuparin ang pananaw ng simbahan, Pagpaparami sa kapayapaan sa Pagpapatupad ng Buong Kalooban ng Diyos'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakn upang hindi naming madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com